

## RIFAPENTINE at ISONIAZID RIFAPENTINE and ISONIAZID

Ang rifapentine at isoniazid ay dalawang antibiotic na ginagamit nang magkasabay upang gamutin ang latent (hindi aktibo o natutulog na) tuberculosis (TB) infection at upang maiwasan na maging aktibong sakit ng TB ang impeksyon.

### Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- **Ang Rifapentine at isoniazid ay ibinibigay ISANG BESES bawat LINGGO nang 12 linggo (12 dosis sa kabuuan).**
- Ang pills na ito ay iniinom nang kaharap ang isang trained health care provider. Ito'y tinatawag na Directly Observed Preventative Therapy (DOPT).
- Ang pills na ito ay dapat inumin kasabay ng kaunting merienda (hal., tsaang tinapay) upang mabawasan ang pagkasira ng tiyan.

### Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis, appointment, o pagpunta? (What should I do if I miss a dose, appointment, or visit?)

- Mahalaga para sa iyo na makuha ang lahat ng iyong mga niresetang dosis. Ang kulang o nilaktawang dosis ay maaaring makabawas sa bisa ng therapy na ito.
- **Kung hindi mo ininom ang isang dosis, kausapin ang iyong TB healthcare provider sa lalong madaling panahon upang malaman kung ano ang gagawin sa hindi ininom na dosis.**

### Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Pinakamainam ang hindi uminom ng alak o cerverza upang limitahan ang problema sa atay.
- Kung umiinom ng antacids na naglalaman ng aluminum o magnesium, inumin nang kahit **1 oras man lamang pagkatapos** inumin ang isoniazid.

Bago inumin ang **RIFAPENTINE at ISONIAZID**, siguraduhing sabihin sa iyong doktor, nurse, o pharmacist kung ano ang lahat ng mga gamot (kabilang ang mga 'di-niresetang gamot) na iyong iniinom. **HUWAG** simulan ang isang bagong gamot nang hindi kinokonsulta ang isang doktor o pharmacist.

### Ano ang ilan sa mga posibleng side effect ng treatment na ito? (What are some possible side effects of this treatment?)

- hypersensitivity reactions (lagnat, sakit ng ulo, pagkahilo, kirot sa kalamnan, sakit na parang flu, pantal, o mga reaksiyon sa balat)
- mga problema sa tiyan (alibadbad, pagsusuka, diarrhea, kawalan ng ganang kumain)
- di-karaniwang pagkapagod o pagkahina
- maitim na kulay (kulay soft drink o tsaang) ng ihi

- paninilaw ng balat o mga puting bahagi ng mga mata
- mahapdi, pangingilig, o pamamanhid sa iyong mga kamay o paa
- Ang iyong mga luha, laway, pawis, ihi, dumi, gatas sa suso, balat, ngipin, at dila ay maaaring maging kulay red-orange dahil sa gamot. Ito'y hindi mapanganib pero maaaring permanenteng makulayan nito ang soft contact lenses at pustiso.

**Sabihin sa iyong TB health care provider kung naranasan mo ang alinman sa itaas o anumang hindi-karaniwang bagay.**

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng rifapentine at isoniazid? (What else do I need to know about taking rifapentine and isoniazid?)**

- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab test** na iniutos ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng iyong mga appointment sa iyong doktor o nars.
- Sabihin sa iyong doktor o nars kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.
- Maaaring mabawasan ng rifapentine ang pagkabisa ng birth control pills. Gumamit ng alternatibong paraan ng birth control (barrier method, hal., condom/diaphragm). Patuloy na gamitin ang barrier method nang 28 araw man lamang pagkatapos itigil ang rifapentine. Iklian ang mga araw na hindi gumagamit ng oral contraceptive hormone at gawin itong 4 na araw.
- Ang Pyridoxine (Vitamin B6) ay inireseta kasabay ng treatment na ito upang maiwasan ang hapdi, pangingilig, o pamamanhid sa iyong mga kamay o paa.

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

TB Care Provider: \_\_\_\_\_

Vancouver TB Services Clinic: 604-707-2692

New Westminster TB Services Clinic: 604-707-2698

BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: 604-707-2580